# 多言語情報コーナー　　　　　　　　　（令和６年　１月号）

## 1. Tungkol sa Buwis sa Kita o Income Tax

Kapag nagtratrabaho dito sa Japan at kumikita ay kailangan magbayad ng buwis na kung tawagin ay Income Tax. Kung magkano ang halaga nito ay binabase sa sinweldo at iba pang pinagkakitaan sa buong taon mua umpisa ng Enero hanggang katapusan ng taon ang ika-31 ng Disyembre.

Bawat buwan sa iyong sweldo ay binabawasan ng buwis at ibinabayad ng iyong employer para sa iyo. Ito ay tinatawag na Withholding Tax. Tuwing Disyembre ng taon ang iyong employer ay kinakalkula ang naibayad mong buwis ng isang taon kung ito ay napakaliit o sumobra. Tinatawag naman itong Year-End Adjustment. Kung napasobra ang naibayad na buwis ay ibabalik ito at idadagdag sa sahod ng Disyembre o sa susunod na buwan ng Enero. Ang halaga ng naibayad na buwis ay nakasaad sa tinatanggap na monthly salary pay slips o sa Withholding Tax Certificate na matatanggap naman hanggang sa ika-31 ng Enero ng susunod na taon.

Ang mga tumatanggap ng sahod sa dalawa o higit pang employers, sa mga tumatanggap pa ng 200,000-yen maliban sa kanilang sweldo at para sa mga hindi binabayaran ng withholding tax at hindi ginagawa ang Year-End Adjustment ng kanilang employers ay kailangang sila mismo ang magsusumite ng mga dokumento at mag-file ng kanilang Final Income Tax Returns. Ang pagfile ng income tax returns ay mula ika-16 ng Pebrero hanggang ika-15 ng Marso sa Tax Office sa susunod na pinagtrabahuan na taon. Dapat magbayad sa mga convenience stores, sa banko, sa post office at iba pa. Ang mga uuwi ng kanilang bansa ay dapat munang maghain ng income tax returns bago umalis ng Japan. Mangyaring kumonsulta sa Tax Office.

Bilang karagdagan, sa mga pamilyang mababa ang sahod ng asawa o ng anak na may edad 18 taong gulang pataas, kasamang naninirahan ang matangdang magulang, sa mga may iba't ibang bayarin gaya ng life insurance o nursing care insurance o iba pa na katulad, o nakapagpabayad ng mahigit 100,000 yen sa pagpapapagamot sa sarili o sa isang miyembro ng pamilya at ipinagbigay alam ito sa iyong sa pagbayad ng iyong Withholding Tax at Year-End Adjustment at sa paghain ng iyong Income Tax Returns ay maaaring makatanggap ng tax refunds para rito.

## 2. Paala-ala mula sa Kagawaran ng Buwis o Tax Office

Ang konsultasyon tungkol sa bayarin sa buwis at paghain ng Income Tax Returns ay gagawin mula ika-16 ng Pebrero hanggang ika-15 ng Marso maliban sa mga Sabado, Linggo at mga National Holidays. Ang lugar ay sa Tochigi Chamber of Commerce and Industry sa Katayanagi Cho ng Tochigi City.

Upang makapasok sa lugar ay kailangan munang magkaroon ng admission stubs number na makukuha sa pamamagitan ng pag-add bilang LINE friend sa account ng National Tax Agency sa nasabing App sa inyong mga smartphones o pc. Maaari ring makuha ito mismo sa venue sa araw ng pagpunta ng maaga dahil ipamimigay ito.

Maaari ring maghain ng inyong Income Tax Returns sa website ng National Tax Agency (e-Tax) sa kanilang "Tax Return Preparation Corner" sa pamamagitan ng iyong smartphones o pc. Ito ay madaling paraan upang hindi na kailangang pumunta pa lugar.

Kung may sinusuportahan na kamag-anak o dependents at natutugunan ang ilang kondisyon gaya ng pagkakaroon lamang ng maliit pa sa 480,000-yen na income ang mga dependents na ito ay may maaaring bigyan ng tax liability at bawasan ang babayarang buwis.

Kung ang mga dependents ay hindi nakatira sa Japan, dapat isumite ang mga dokumento na nagpapatunay ng iyong relasyon sa kanila tulad ng kopya ng family register at iba pa. Kasama rin dito ang Remittance Certificate mula sa mga banko at katulad na financial institutions. Ilakip ang mga ito kung maghain ng Income Tax Returns. Ang mga dokumento na nakalahad sa ibang wika maliban sa wikang hapon ay dapat isalin ito.

Mula ngayong taon ng 2023 ang mga dependents na may edad 30 taon gulang hanggang bago 70 taong gulang ay dapat pinapadalhan ng mahigit 380,000-yen para sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay o para sa kanilang edukasyon kung hindi bilang mga dependents ay hindi ka magkakaroon ng tax reductions.

Bago ang ika-15 ng Pebrero ay maari pang kumonsulta tungkol sa Tax Returns sa Tax Office.

Kung may mga katanungan ay tumawag lamang sa kanilang opisina.

## 3. Tungkol sa Epekto ng Paninigarilyo sa Ating Kalusugan

Ang usok ng sigarilyo ay naglalaman ng humigit-kumulang 5,300 uri ng kemikal, kung saan ang 70 ay carcinogenic o sanhi ng pagkakaroon ng sakit na kanser. Samakatuwid, ang paninigarilyo ay dahilan upang mas madaling kapitan ng ibat-ibang uri ng sakit. Ang tatlong pangunahing mapaminsalang sangkap ng sigarilyo ay nikotina, tar at carbon monoxide. Dahil sa epekto ng nikotina ay nagsisikip ang blood vessels at nagpapataas sa panganib ng sakit tulad ng heart disease o stroke. Ang panganib na magkasakit ay lalong tumataas habang tumatagal at dumarami ang sinisigarilyo at bumababa paunti-unti kung patuloy na ihinihinto ang paninigarilyo.

Ang pagtigil sa  paninigarilyo ay walang pinipiling edad huli man itong gawin. Kaya dapat ng tigilan ang paninigarilyo hindi lamang para sa sarili kundi pati na rin sa iyong mga mahal sa buhay.

## 4. Tungkol sa Araw ng Hot Air Balloon ng Watarase.

Ang Hot Air Balloon Day ng Watarase ay ginaganap tuwing ikatlong linggo ng bawat buwan.
Mararanasan ang pagsakay dito sa hot air ballon na naka-angkla sa lupa sa pamamagitan ng lubid at tataas ito mula 20 hanggang 30 metro sa ibabaw ng lupa.
Ang event na ito ay nakakatanggap ng magagandang feedback sa mga lumalahok dahil sa dulot nitong excitements sa pagsakay sa hot air balloon.
Ang mga nakatakdang petsa para sa kaganapan na ito ay sa ika-21 ng Enero, ika-18 ng Pebrero at ika-17 ng Marso. Ito ay mula alas 7:00 hanggang alas 10:00 ng umaga. At simula Abril ay ganon pa rin ang schedule na tuwing ikatlong linggo ng buwan. Ang lugar ay sa Fujioka Watarase Sports Park sa loob ng Watarase Reservoir ang pinakamalaking reservoir ng Japan. Limitado lamang ang bilang ng lalahok sa 200 katao sa bawat event on first come first serve basis.
Kinakailangan ang advance reservations. Bawat buwan ay may application na para lamang sa pagsakay ng hot air balloon na ipopost sa website ng Tochigi City.
Mangyaring mag-apply at punan ang application form sa loob ng itinakdang panahon. Ang deadline ay sa sandalling maabot na nasabing bilang ng mga lalahok.
Ang bayad para sa pagsakay dito ay naayon sa edad. Libre ang mga bata mula 1 hanggang 2 taong gulang. 500-yen naman sa mga 3 taong gulang hanggang sa mga bago pumasok ng Elementarya. 1,000-yen para sa mga mag-aaral ng Elementarya at 2,000 yen para sa mga Junior Highschool pataas. Ang batang hanggang Elementary na sasakay ay dapat samahan ng isang Junior HighSchool o mas matanda pa.
Nakakagayak ang pagsakay sa naka-angklang Hot Air Balloon anuman ang panahon.
Nais mo bang pagmasdan ang mula sa taas ang magandang tanawin sakay ng hot air balloon?